


Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagpinta ng Still Life



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagpinta ng Still Life
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ngs karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Tessie T. Gementiza

Editor: Marivic O. Arro, Armando Aguillon, Arcel W. Gacasan,
Lynneth Baptista, May H. Zarate

Tagasuri: Marivic O. Arro, Rhenan H. Nisperos, Jessel C. Marqueda,
Rolibeth M. Labadia, Cee Jae Darunday

Tagaguhit: Maria Theresa C. Ang

Tagalapat: Randy E. Dueñas, Christopher U. Gonzales

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Reynante A. Solitario

Mary Jeanne B. Aldeguer

Janwario E. Yamota

Analiza C. Almazan

Djhoane C. Aguilar

Ma. Cielo D. Estrada

Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Jeselyn B. dela Cuesta

Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph*lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 4 Pagpinta ng Still Life

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay isinulat para sa iyo upang malaman mo ang pagguhit na naaayon sa **Still Life**. Sa araling ito, ang paksa ay ang pagpipinta sa mga prutas na may iba't ibang hugis, kulay, at tekstura. Dito ay makikita mo ang mga bagay sa anggulong parang may buhay. Ang iyong kakayahan para mabigyan ng buhay ang isang bagay sa pagpipinta ang siyang malilinig sa araling ito. Pag-ibayuhin ang iyong angking husay at kakayahan sa pagpipinta (**A3EL-IIa**).


Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang: makikilala ang detalye ng Still Life sa pagpinta kasama ang elemento at prinsipyo;

1. mahahanay nang wasto ang mga bagay sa pagguhit; at
2. makaguguhit ng mga bagay na parang may buhay na naaayon sa mga hugis, porma, at tekstura ng Still Life.



Subukin


Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang patlang sa tapat ng bilang kung ang guhit ay naaayon sa Still Life at ekis (X) naman kung hindi. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.



____ 1.




____ 2.



____ 3.



_____ 4.



_____ 5.

Aralin

1

Pagpinta ng Still Life

Ang **Still Life** na pagpipinta ay nagpapakita ng bagong pananaw sa mga ordinaryong bagay na nasa ating paligid. Ang mga bagay katulad ng prutas, bulaklak, at sanga ng kahoy ay iilan sa mga halimbawa ng iipinta sa Still Life. Ito ay nakalagay o nakahanay sa magandang pagkakayos, o pagpakakatungpatong o **block**.



Balikan

Nakagawa ka na ba ng **landscape**?

Ang mga **landscape** ay gawa sa sining na nagtatampok ng mga eksena sa kalikasan. Kabilang dito ang mga bundok, lawa, hardin, ilog, at anumang uri ng magagandang tanawin. Ang mga **landscape** ay maaaring maging kuwadrong gawa sa langis, **watercolor** , **pastel** o mga kopya ng anumang uri.






Tuklasin

Tingnan mong mabuti ang dalawang larawan at paghambingin mo kung alin ang mas maganda.

Ipinapakita sa Larawan A ang paraan ng pagpinta ng isang landscape habang ipinapakita naman sa Larawan B ang pagkakaguhit ng isang Still Life.

A



B.






Suriin

CO_Q2_Arts3_Module4


Tingnan mo ang isang **basket** na lalagyan ng prutas.



Subukin mong iguhit ito sa isang **coupon bond**. Lagyan ng mga prutas na nakaayos sa pagkapatung-patong ayon sa kanilang kulay, hugis, at tekstura. Upang magkaroon ng buhay, ilapat ang mga natutunang mga paraan sa pagkukulay.


Maayos mo bang naipinta ang larawan ng basket at mga prutas? Kung Oo ang iyong sagot, ikaw ay nakabuo ng isang Still Life.





Pagyamanin

Subukin mong magpinta ng isang **Still Life** gamit ang mga larawan na nasa loob ng kahon. Gawin mo ito sa isang malinis na papel.



Panuto:

1. Tingnan ang mga prutas sa kahon.
2. Iguhit ito nang maayos sa sulatang papel o **bond paper** ayon sa kanilang kulay, hugis, at tekstura gamit ang lapis, pinta, o **watercolor**.
3. Para ito ay mabigyang buhay, gumamit ng mga kulay.
4. Para maging maaliwalas, dagdagan ng kulay puti ang iyong napiling kulay gamit ang **brush-wire**.
5. Para maging kaaya-ayang tingnan ang larawan gumamit ng mga kulay na hindi matingkad.
6. Pagkatapos magpinta, patuyuin ito.



Isaisip

Ang pagpinta ng Still Life ay isang malikhaing pamamaraan ng pagguhit o pagpinta ng mga bagay na walang buhay na makukuha sa isang pinag-ugatang buhay tulad ng puno. Karaniwang iniaayos ang mga bagay na ito sa isang pagpapatungan. Ito rin ay nagpapakita ng bagong paraan sa paningin ng mga ordinaryong bagay na nasa ating paligid. Sa pagpinta ng Still Life, maipapakita mo kung paano ang pagsasaayos, pagkukulay at pagpapatong ng mga bagay.

Halimbawa ng Still Life ay kung ipipinta mo ang mga prutas o mga gulay na naayos sa loob ng lalagyan na ipinapatong sa itaas ng inyong mesa. Kagaya ng nasa larawan at ng ginawa mo kanina.



Isagawa

Panuto: Gayahin at iguhit sa isang maliit na **illustration board** ang larawang iyong nakikita. Kulayan at bigyang buhay ito gamit ang **water color** (Primary at Secondary Colors).



Bigyan ng puntos ang iyong nalikhang larawan gamit ang rubrik na ito.

Nilalaman	Di-naaayon ang pagkagawa	Medyo naaayon ang pagkagawa	Naaayon at maayos ang pagkagawa
	1	2	3
1. Naipipinta na naaayon sa Still Life			
2. Naaayos ang mga bagay sa lalagyan			
3. Nabigyang buhay ang pagpipinta			
Kabuoan:			



Tayahin


Panuto : Iugnay ang mga salita sa Hanay A sa angkop na pagkakalarawan nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong papel.

Hanay A

1. Still Life
2. Prutas
3. Naipapakita ng Still Life
4. Nilalagyan ng mga prutas
5. Water Color

Hanay B

- A. Buhay
- B. Gamit sa pagpipinta
- C. Bagay na halimbawa sa pagpipinta ng Still Life
- D. Pagpipinta na nagpapakita ng buhay.
- E. Fruit Tray



Karagdagang Gawain

Basahin ang tula.

Kapaligiran
Tessie T. Gementiza

Kay gandang pagmasdan
itong ating kapaligiran
Mga punong hitik sa mga bunga
Tulad ng saging, bayabas,
lansones, rambutan at mangga.
Kaya dapat nating pasalamat
ang ating Poong Maykapal
Sa mga biyayang kaniyang ibinigay.

Gawain 1: Pagpinta ng Still Life base sa tulang binasa

Magpinta ng isang Still Life gamit ang iba't ibang mga prutas na nabanggit sa tula. Lagyan ng kulay ang iyong likha upang mas bigyang buhay ito. Gamitin ang rubrik sa ibaba upang bigyang puntos ang iyong naipintang larawan.

Nilalaman	Di-naaayon ang pagkagawa	Medyo naaayon ang pagkagawa	Naaayon at maayos ang pagkagawa
	1	2	3
1. Naiguguhit ang mga prutas na nabanggit sa tula			
2. Naaayos ang mga prutas sa lalagyan			

3.Nakukulayan nang maayos ang mga prutas			
Kabuoan:			

Gawain 2: Pagpinta ng Still Life base sa imahinasyon

Magpinta ng isang Still Life gamit ang iba't ibang mga prutas na paboritong kainin ng iyong pamilya. Ayusin ang mga ito sa isang lalagyang mayroon kayo sa inyong bahay. Kulayan din ang mga ito upang kaaya-ayang tingnan.

Maaari mo ring gamitin ang rubrik sa itaas upang bigyang puntos ang iyong naipintang larawan.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin D C A E B	Pagmamanihin A B C D A	ssubukin A B C D A
---	--	--

Sanggunian

MAPEH 3, Gabay ng Guro pp. 131-133

MAPEH 3, Kagamitan ng Mag-aaral pp. 124-125

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C., Montañez, Cynthia T., 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc., 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C., Montañez, Cynthia T., 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph